

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan–Modyul 7: Layunin, Paraan, Sirkumstansya ng Makataong Kilos



Edukasyon sa Pagpapakatao10
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 7: Layunin, Paraan,Sirkumstansyang Makataong Kilos
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Getrudes G. Galonza
Editor: Anne Rose B. Cayasen, PhD
Tagasuri: Erlinda C. Quinuan
Tagaguhit: Julius G. Takimpay
Tagalapat: Florendo S. Galang
Tagapamahala: May B. Eclar, Ph.D. CESO IV
Benilda M. Daytaca, EdD.,CESO VI
Carmel F. Meris
Rosita C. Agnasi, Ph D.
Edgar H. Madlaing, EdD.
Rizalyn A. Guznian, EdD.
Sonia D. Dupagan, EdD.
Vicenta C. Danigos, PhD.

Inilimbag sa Pilipinas ng _____
Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyong Pampangasiwaan ng Cordillera
Office Address: Wangal, La Trinidad, Benguet
Telefax: (074)-422-4074
E-mail Address: car@deped.gov.ph

10

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan–Modyul 7:
Layunin, Paraan, Sirkumstansya
ng Makataong Kilos

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin


Kilos ko, pananagutan ko! Mga salitang nagsasabi na bilang isang tao, nararapat na suriin nating mabuti ang bawat kilos na ginagawa natin. Alam mo ba ang iyong mga isinasagawang kilos? Nakikita mo ba ang mabuti o masama sa mga ito?

Sa modyul na ito, layunin nito na higit na makapagsuri ka ng kabutihan o kasamaan ng iyong isinasagawang kilos at pasiya. Sa pamamagitan nito, matutulungan kang lubos na mapagnilayan kung paano ka nakapagsasagawa ng makataong kilos at mula rito ay masasagot mo ang Mahalagang Tanong na: Bakit mahalagang maunawaan na ang masama o mabuting makataong kilos ay nakabatay sa layunin, paraan, sirkumstansiya mayroon ang isang tao?

Inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

Pampagkatutong Kasanayan:

1. Naipaliliwanag ang layunin, paraan, sirkumstansiya, at kahihinatnan ng makataong kilos. (MELC – 8.1)
2. Nakapagsusuri ng kabutihan o kasamaan ng sariling pasiya o kilos sa isang sitwasyon batay sa layunin, paraan sirkumstansiya nito. (MELC – 8.2)



Subukin

A. Panuto: Suriin ang bawat pangungusap at tukuyin kung ito ay pagpapaliwag ng layunin, paraan at sirkumstanya ng makataong kilos. Pumili sa kahon.

Layunin	Paraan	Sirkumstansiya
---------	--------	----------------

1. _____ Ito ay bunga ng ating isip na nag-uutos na gawin ang isang kilos o pasiya.
2. _____ Si Nardo ay napapabilang sa mga mag-aaral na may karamdaman sa puso, kaya gustuhin man niyang

makipaglaro ng basketball ay hindi pwede dahil mahihirapan siyang huminga.

3. _____ Ito ay tumutukoy sa isang sitwasyon o kondisyon kalagayan ng kilos na makakabawas o makakadagdag sa kabutihan o kasamaan ng isang kilos.
4. _____ Ito ay bunga ng kasalukuyang sitwasyon paano natin matutugunan o magagawa ang makataong kilos.
5. _____ Ito ang siyang nag didikta sa atin na gumawa o tumulong sa ating kapwa sa anumang sitwasyon masama o mabuti.

Aralin

1

Layunin, Paraan, Sirkumstansya ng Makataong kilos



Balikan

Napag usapan sa nakaraang modyul ang mga yugto ng makataong kilos, kahalagahan ng deliberasyon ng isip at kilos-loob sa paggawa ng moral. Ang mga ito ay may malaking papel sa pang araw-araw na buhay natin. Kung paano tumugon sa mga pangyayari, kung paano tayo erespeto ng ating kapwa ay nakasalalay sa ating makataong – kilos.

Pansinin natin ang sitwasyon na itong pinamagatan kong “Ako ay Unawain”

Panahon ng pandemya. Si Criston ay isang doctor sa isang pampublikong pagamutan. Siya 61 gulang, may asawa at tatlong anak, isang dalaga at dalawang binata. Lahat ay nag-aaral sa kolehiyo. Bagaman siya ay senior citizen na ginusto pa rin niyang pumunta sa ospital at tumulong sa paggamot. Sa di inaasahang pagkakataon nahawa siya ng sakit na covid19. Kinailangan siyang hindi umuwi sa kanila at siya ay tumira sa ospital at para rin magamot. Dahil sa pangyayaring ito, ang kanyang pamilya ay nakaranas ng diskriminasyon, may pagkakataon na ayaw silang papasukin sa tindahan, ayaw silang kausapin. Sila ay iniwasan kahit sinabi pa na sila ay wala namang covid19.

Pamprosesong tanong:

1. Ano-ano ang mga mabubuti at masasamang makataong kilos na nabanggit sa sitwasyon?

2. Ang masama ba na kilos na nabanggit sa sitwasyon ay pwedeng maiwasan? Oo o hindi, Bakit?
3. Magbigay ng dapat gawin paano maiwasan ang masamang kilos na nabanggit sa sitwasyon



Tala mula sa guro

Ang pag-aaral sa Edukasyon sa Pagpapakatao ay nagbibigay linaw sa bawat indibidwal upang patuloy na mahubog ang kanyang pagkatao. Mula pagkasilang hanggang sa siya'y ganap na mamulat ay kaakibat nito ang landas na patungo sa kabutihan. Sa pagsagot sa mga inihandang gawain, inaasahang ikaw ay matututo at mamumulat sa katotohanang ang mga Pilipino ay tunay na pinagpala dahil sa kanilang pagmamahal sa kapwa. Sana'y matapos mo ang modyul na ito nang may katuwaan at may matututunan ka na maaari mong ibahagi sa iyong kapwa mag-aaral, pamilya at maging sa komunidad na iyong ginagalawan. Pagbutihin mo.



Tuklasin

Panuto: Suriin ang bawat sitwasyon at tukuyin ang pasiya na ginawa ng pangunahing tauhan at isulat sa ikalawang hanay. Sa ikatlo at ikaapat na hanay lagyan ng tsek(/) kung ang ginawang pasiya o kilos ng tauhan ay mabuti o hindi.

Mga Sitwasyon	Ano ang nagawang pasiya ng pangunahing tauhan?	Mabuting Pasiya ba ito?	Masamang Pasiya ba ito?
1. Ang SSG President na si Rolando de Coyna ay walang inaksayang oras at panahon para makatulong at mapanatili ang kalinisan at kaayusan sa paaralan.			
2. Pinakopya ni Teresa ang kanyang kamag-aral sa kanilang pagsusulit dahil nais niya itong pumasa.			
3. Si Eugene ay matulungin sa kaniyang mga kapitbahay.			

<p>Ngunit lingid sa kaalaman ng mga tinutulungan, ang perang ibinibigay niya sa mga ito ay galing sa pagbebenta niya ng ipinagbabawal na gamot.</p>			
---	--	--	--

Sagutin:

1. Sino sa mga tauhan ang nagpakita ng mabuting kilos o pasiya? Sino naman ang hindi?
2. Ano sa palagay mo ang dahilan o kaya salik na nakaapekto bakit ang tauhan ay nagpasiyang gawin ang mga kilos na iyon?



Tala mula sa guro

Sa bawat pasiya na ating gagawin ay kailangang dumaan sa masusing pagsusuri at pag-aaral. Kailangang malinaw sa atin kung ano nga ba ang layunin, paraan at sirkumstasiya na pwedeng maka apekto sa pagtugon natin sa pangyayari.



Suriin

Mga Salik na Nakaaapekto sa Makataong Kilos

- A. Layunin - Ito ay tumutukoy sa panloob na kilos kung saan nakatuon ang kilos-loob. Ito ang motibo o dahilan kung bakit gagawin ang kilos. Hindi ito nakikita o nalalaman ng iba sapagkat ito ay personal sa taong gumagawa ng kilos. Ang pamantayan sa kabutihan ng layunin ay kung iginagalang ng taong nagsasakilos ang dignidad ng kapwa.

Halimbawa

Nakita ni Amira na umiiyak si Amaya. Nilapitan niya ito at binigyan ng tissue. Ginawa niya ito dahil alam niyang si Amaya ay mahusay sa Science at may pagsusulit sila sa araw na iyon at nais niyang kumopya rito. Mabuti ba ang layunin ng kilos? May paggalang ba sa dignidad ni Amaya?

B. Paraan - Ito ay tumutukoy sa panlabas na kilos na kasangkapan o paraan upang makamit ang layunin.

Ayon kay Sto. Tomas de Aquino, may nararapat na obheto ang kilos.

Halimbawa

Nararamdam	Kilos	Obheto
1. Nagugutom	Kakain	Makakain
2. Nauuhaw	iinom	Makainom

C. Sirkumstansiya - Ito ay tumutukoy sa isang sitwasyon o kondisyon / kalagayan ng kilos na makakabawas o makakadagdag sa kabutihan o kasamaan ng isang kilos. Ito ang nakapagpapalala o nakapagpapabawas ng kabutihan o kasamaan ng isang kilos.

Elemento ng Sirkumstansiya

Elemento ng Sirkumstansiya		Halimbawa
SINO	Ang taong gumagawa ng kilos o ang taong maaring maapektuhan ng kilos	Ang pangulo ng bansa ang gumawa ng kilos at ang maapektuhan ay pangmaramihan dahil buong populasyon ng bansa.
ANO	Ang mismong kilos, gaano ito kabigat, kagaan, kaliit o kalaki.	Pagnanakaw ng maliit o malaking halaga. Pagbibigay ng tulong sa mga nangangailangan.
SAAN	tumutukoy sa lugar kung saan ginawa ang kilos.	Ginawa ang kilos sa loob ng banko, opisina, simbahan
PAANO	Tumutukoy sa paraan kung paano isinagawa ang kilos.	Ang paggawa ng kilos ay pinagplanuhan nang maigi, maraming tao ang nadamay
KAILAN	Kung kailan isinagawa ang kilos.	Ang kilos ay isinakatuparan sa gabi

D. Kahihinatnan – lahat ng kilos na ginagawa ng tao ay may kaakibat na dahilan, batayan at may kaakibat na pananagutan. Anumang gawing

kilos ay may kahihinatnan. Ang anumang isasagawang kilos ay mahalaga na dapat pag-isipan at pagplanuhang mabuti dahil mayroon itong katumbas na pananagutan na dapat isaalang – alang. Kailangang mapag-isipang mabuti at makita kung ano ang magiging resulta ng kilos at gagawin.

Halimbawa

Ikaw ay isang matagal at dalubhasang doctor sa larangan ng medisina. Alam na alam mo kung makakabuti o makakasama sa iyong pasyente ang erereseta mong gamot. Kung itinuloy mo pa ang pagreseta ng gamot kahit makasasama ito sa pasyente, mayroon kang pananagutan sa anumang kahihinatnan nito.

MGA DAPAT TANDAAN!

- ✓ Kailangang pag-isipang mabuti ang pagsasagawa ng kilos gaano man ito kaliit o kalaki.
- ✓ Kailangang tingnan at isaalang-alang ang maaring maidulot nito hindi lamang sa sarili kundi para sa kabutihang panlahat.
- ✓ Ang mabuting kilos ay dapat palaging mabuti hindi lamang sa kalikasan nito kundi pati sa motibo at sirkumstansiya kung paano mo ito ginagawa.
- ✓ Kailangan mong sanayin at hubugin ang iyong sarili upang maging isang mabuting tao na may kamalayan sa bawat kilos dahil ito ang magiging gabay tungo sa iyong pagpapakatao.
- ✓ Upang maging mabuti ang kilos, nararapat itong nakabatay sa dikta ng konsensya batay sa likas na Batas Moral na siyang pinakahuling layunin ay ang kabutihan at ang makapiling ang Diyos sa kabilang buhay.



Pagyamanin

Gawain 1: Pagbibigay

Panuto: Basahin ang bawat sitwasyon. Tukuyin ang layunin, paraan, at sirkumstansiya sa bawat ipinakitang kilos.

1. Malapit na ang unang markahang pagsusulit, si Mark ay nagkulong sa kanyang silid upang magrepaso sa ganoon ay mayroon siyang maisasagot sa mga tanong sa araw ng pagsusulit .

Layunin _____

Paraan _____

Sirkumstansiya _____

2. Si Mayumi ay magaling sa asignaturang Matematika. Siya ang panlaban ng paaralan sa mga kompetisyon at palagi siyang nananalo. Tinuturuan niya ang kanyang kamag-aral na mahina sa asignatura tuwing may bakante siyang oras.

Layunin _____

Paraan _____

Sirkumstansiya _____

3. Naiwang mag-isa si Dave sa kanilang bahay kaya't siya ay malungkot. Tinawagan at niyaya siya ng kaniyang mga kaibigan na nag-iinuman para sumali sa kanila. Dahil nag-iisa at nalulungkot si Dave, pinuntahan niya ang kaniyang mga kaibigan at nakipag-inuman.

Layunin _____

Paraan _____

Sirkumstansiya _____

4. Gustong-gusto ni Kim na magkaroon ng cellphone. Isang hapon habang mag-isa lamang siya sa kanilang silid-aralan ay nakita niyang naiwan ng kaniyang kamag-aral ang cellphone nito. Kinuha ito ni Kim at itinago.

Layunin _____

Paraan _____

Sirkumstansiya _____

5. Napag-isipan ni Macario na magtinda ng kakanin para mayroon siyang maibili ng *facemasks* upang ipamigay sa kanilang kabarangay ngunit ipinagbabawal ang mga may edad 21 pababa na lumabas ng bahay kaya ginawa niyang *online selling* at nakisuyo siya sa kanyang kuya para siya ang maghatid sa bahay ng mga bumili.

Paraan _____

Sirkumstansiya _____

GAWAIN 2: Salik na Nakaaapekto sa Kilos/Pasiya, Kaya natin to!

Panuto: Basahing mabuti ang sitwasyon at tukuyin ang mga salik na nakaaapekto sa pasiya/kilos ng isang tao.

Panahon ng pagtutulungan. Sina Anita at Corazon ay matalik na magkaibigan. Palagi silang magkasama sa lahat ng lakad ng barkada at papunta sa iskul at pauwi sa bahay. Nang nagkaroon ng pandemya, ang magkaibigan ay hindi na nagkakasalubong dahil din sa mahigpit na patakaran na hindi puwedeng lumabas ng bahay ang mga may edad 21 pababa. Ang komunikasyon lamang nina Anita at Corazon ay sa pamamagitan ng sosyal medya, celpon. Isang araw, nabasa nila sa *Fb page* na nangangailangan ang inyong paaralan ng *computer printers* para magamit sa pagpaparami ng modyuls na magagamit sa susunod na pasukan. Gusto nina Anita at Corazon na makatulong kaya gumawa sila ng mga plant hanging gamit ang nylon at ito ay ibinenta nila sa pamamagitan ng online. Sa pamamagitan nito, sila ay nakalikom ng mahigit pitong libo na kakasya sa isang printer na 3 in 1. Ang pera ay kanilang ibinigay sa iskol at nabili ang printer. Bilang pasasalamat ng iskul, sila ay binigyan ng parangal noong nakaraang Hulyo 15, 2020.

Sagutin mo

1. Ano ang layunin nina Anita at Corazon? _____

3. Ano ang kasalukuyang sirkumstansiya na mayroon sa panahon na iyon?

4. Nakaapekto ba ang sirkumstansiya sa gustong gawin nina Anita at Corazon? Oo o hindi, Bakit? _____

5. Anong paraan ang ginawa nina Anita at Corazon para matupad nila ang kanilang layunin? _____

GAWAIN 3: Pagpapatunay sa Kilos at Pasiya, Kaya mo ito!

Panuto: Basahing mabuti ang bawat sitwasyon at ibigay ang nararapat na makataong kilos na isasakatuparan ayon sa hinihiling na salik ng sirkumstansiya. Isulat sa ikatlong hanay ang nararapat na kilos o pasiya na dapat gawin ayon sa hinihingi ng salik bilang patunay na ang layunin, paraan, sirkumstansiya ay nakaaapekto sa anumang kabutihan o kasamaan na gagawin ng isang tao.

Sitwasyon	Salik ng Sirkumstansiya	Kilos/Pasiya
<p>Halimbawa</p> <p>Sa loob ng silid aralan, Ang katabi mo sa upuan na si Arnida ay nahihilo dahil hindi siya kumain ng pang-agahan.</p>	Layunin	<p>Ipaalam ko sa guro namin na nahihilo si Arnida dahil hindi kumain ng pang-agahan upang masamahan ko siya sa <i>school canteen</i> para maibili ng lugaw na kakainin niya.</p>

Sitwasyon	Salik ng Sirkumstansiya	Kilos/Pasiya
<p>1. Si Paulo ay magaling sa klase lalo na sa Ingles, siya ang palaging takbuhan ng kanyang mga kamag-aral tuwing may takdang aralin sila na talumpati, maikling kwento o anumang sulatin.</p>	Sirkumstansiya	
	Layunin	

<p>2. Tuwing recess sa iskul, napapansin mo na ang mga <i>plastic cups</i> na pinag-inuman o pinagkainan ng mga <i>schoolmates</i> mo ay walang pakialam na iniwan, kinakalat o hindi nilalagay sa tamang basurahan. Bilang pinuno ng YES-O, gusto mo na malinis ang kapaligiran ng paaralan.</p>	Paraan	
	Layunin	
<p>3. Nahawa ng <i>Covid19 virus</i> si Bruno, isa sa mga matalik mong kaibigan. Mahirap ang kanyang pamilya at malaki ang kailangan nila na pera bilang pambayad sa <i>bill</i> nila sa ospital. Dahil mahal mo ang iyong kaibigan gusto mo siyang tulungan kahit kaunting halaga man lang.</p>	Sirkumstansiya	
	Paraan	

Pamantayan sa pagbibigay ng puntos sa Gawain 1, 2 at 3

3 napakahusay	2 mahusay	1 husay
<p>Ang sagot sa kabuuan ay naipapaliwanag nang lubos at kayang gawin ninuman, lubos na nagpapakita ng malayang desisyon/kilos at may kaakibat na responsibilidad</p>	<p>Ang sagot sa kabuuan ay naipapaliwanag nang kaaya-aya, kayang gawin ninuman, lubos na nagpapakita ng malayang desisyon/kilos at may kaakibat na responsibilidad</p>	<p>Ang sagot sa kabuuan ay hindi naipapaliwanag nang mahusay, kaaya-aya, kayang gawin ninuman, lubos na nagpapakita ng malayang desisyon/kilos at may kaakibat na responsibilidad</p>



Isaisip

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga aytem at piliin ang titik ng pinakatamang sagot.

- _____ 1. Bunga ito ng ating isip at kagustuhan na nagsasabi ng ating katangian.
- a. pasiya b. kilos c. kakayahan d. damdamin
- _____ 2. Ang moral na kilos ay ang makataong kilos, Bakit?
- a. Sapagkat nahuhugahan nito ang tama at maling kilos.
b. Sapagkat nakapagpapasiya ito nang naaayon sa tamang katwiran.
c. Sapagkat malayang patungo ito sa layunin na pinag-isipan.
d. Sapagkat napatutunayan nito ang sariling kilos kung ito ay mabuti o masama.
- _____ 3. Si Tony ay isang pulis. Kilala siyang matulungin sa kanilang lugar kaya't mahal na mahal siya ng kaniyang mga kapitbahay ngunit lingid sa kaalaman ng kaniyang mga tinutulongan, na ang itinutulong niya sa mga ito ay galing sa pangongotong na kinukuha niya sa kaniyang mga nahuhuling tsuper sa kalsada. Tama ba o Mali ang kilos ni Tony?
- a. Tama, dahil marami naman siyang natutulungan na nangangailangan.
b. Mali, dahil hindi sa kaniya galing ang kaniyang itinutulong.
c. Tama, dahil mabuti naman ang kaniyang panlabas na kilos
d. Mali, dahil kahit mabuti ang panlabas na kilos, nababalewala pa rin ang panloob na kilos.
- _____ 4. Ang isip ay para humusga at mag-utos, ang kilos-loob ay ano?
- a. Umunawa at magsuri ng impormasyon.
b. Tumungo sa layunin o intensiyon ng isip.
c. Tumulong sa kilos ng isang tao.
d. Gumabay sa pagsasagawa ng kilos.
- _____ 5. Sa mga sumusunod ano ang hindi kahulugan ng sirkumstansiya?
- a. Ito ay tumutukoy sa isang kondisyon o kalagayan kung saan ang kilos na ginawa ay nakaaapekto sa kabutihan.
b. Ito ay tumutukoy sa panloob na kilos na nakabatay kung saan nakatuon ang kilos-loob.
c. Ito ay nakapagbabawas o nakapagdaragdag sa kabutihan o kasamaan ng isang kilos.
d. Ito ay nakapagpapabago sa halaga ng isang

- _____ 6. Ano ang hindi kahulugan ng Layunin?
- Ito ay tumutukoy sa panloob na kilos.
 - Ito ang pinakatunguhin ng kilos.
 - Ito ay nakapagbabawas o nakapagdaragdag ng kabutihan o kasamaan ng kilos.
 - Ito ay nakabatay kung saan nakatuon ang kilos-loob.
- _____ 7. Wala sa bahay ang mga magulang ni Amy, pumasok siya sa silid ng kanyang mga magulang at kumuha ng 1000 piso sa loob ng kabinet kung saan nakatago ang pera nila. Ang pagkuha ni Amy ng pera ay masama. Nadaragdagan ng panibagong kasamaan ang kaniyang ginawa dahil_____.
- kinuha niya ito nang walang paalam
 - kinuha niya ito nang wala ang kaniyang mga magulang
 - ang kinuhanan niya ng pera ay ang kaniyang mga magulang
 - ang pagkuha niya ng pera ay hindi nagpakita ng pagrespeto
- _____ 8. Alam ni Freddie na masama ang magpakopya ng sagot sa pagsusulit pero pinakopya pa rin niya ang kanyang kaibigan na si Ariel. Dahil sa pagpapakopya niya nakapasa si Ariel sa asignatura. Ano kayang prinsipyo ang sumasakop sa sirkumstansiya ng kilos ang makikita sa sitwasyon?
- Ang sirkumstansiya ay maaaring makalikha ng kakaibang kilos ng mabuti o masama.
 - Ang sirkumstansiya ay hindi maaaring gawing mabuti ang masama.
 - Ang sirkumstansiya ay maaaring gawin ang mabuting kilos na masama.
 - Ang sirkumstansiya ay maaaring lumikha ng mabuti o masamang kilos.
- _____ 9. Araw ng kaarawan ni Abel, inanyayahan niya ang kaniyang mga kaibigan at sila ay nagsaya. Humiram sila ng videoke at sila ay nagkantahan hanggang umabot sila ng madaling-araw. Naiinis na ang kaniyang mga kapit-bahay dahil sa ingay na dulot nito. Ano kayang prinsipyo ang sumasakop sa sirkumstansiya ng kilos ang makikita rito?
- Ang sirkumstansiya ay maaaring gawin ang mabuting kilos na masama.
 - Ang sirkumstansiya ay maaaring makalikha ng kakaibang kilos ng mabuti o masama.
 - Ang sirkumstansiya ay maaaring gawing mabuti ang masama.
 - Ang sirkumstansiya ay lumikha ng mabuti o masamang kilos.

_____ 10. Nanalo si Felissa ng pagkapangulo sa kanilang pangkat. Simula noon, ginampanan niya nang lubos ang kaniyang tungkulin at responsibilidad. Anong prinsipyong sumasakop sa sirkumstansiya ng kilos ang makikita rito?

- a. Ang sirkumstansiya maaaring lumikha ng mabuti o masamang kilos.
- b. Ang sirkumstansiya ay maaaring magdulot ng bagong kabutihan sa masamang kilos at bagong masamang hangarin sa masamang kilos.
- c. Ang sirkumstansiya ay maaaring makalikha ng mabuti o masama.
- d. Ang sirkumstansiya ay hindi maaaring gawing mabuti ang masama.



Isagawa

Panuto: Sumulat ng mga pangyayari o sitwasyon sa iyong buhay noong ikaw ay nasa ikasiyam na baitang ayon sa tsart na nakalaan.

SITWASYON	LAYUNIN	PARAAN	SIRKUMSTANSIYA
1.			
2.			



Tayahin

A. Panuto: Suriin ang bawat pangungusap at isulat sa unahan ng bilang kung ito ay layunin, paraan at sirkumstanya ng makataong kilos.

1. _____ Ito ay bunga ng ating isip na nag-uutos na gawin ang isang kilos o pasiya.
2. _____ Si Nardo ay napapabilang sa mga mag-aaral na may karamdaman sa puso, kaya gustuhin man niyang makipaglaro ng basketball ay hindi pwede dahil mahihirapan siyang huminga.
3. _____ Ito ay tumutukoy sa isang sitwasyon o kondisyon kalagayan ng kilos na makababawas o makadadagdag sa kabutihan o kasamaan ng isang kilos.
4. _____ Ito ay bunga ng kasalukuyang sitwasyon paano natin matutugunan o magagawa ang makataong kilos.
5. _____ Ito ang siyang nagdidikta sa atin na gumawa o tumulong sa ating kapwa sa anumang sitwasyon masama o mabuti.



Karagdagang Gawain

GAWAIN : Pagawa ng Journal

Panuto: Gumawa ng isang journal para sa unang linggo ng pasukan (Oct 5-9, 2020) Isulat kung ano ang mga ginawa mo sa araw na iyon at suriin kung ito ay nakapagdulot ng masama o mabuti sa iyo, kung ito ay masama ano ang gagawin mo para maitama ang maling kilos/pasiya.

Ang Aking Journal sa araw ng Oktubre 5 – 9, 2020

P E T S A	Nagawang Kilos/ Pasiya	Mabuti o masamang epekto ng kilos/pasiya	Gagawin mon a hakbang para maitama ang maling epekto
5			
6			
7			
8			
9			

Subukin

1. layunin
2. sirkumstansiya
3. sirkumstansiya
4. paraan
5. layunin


Tayahin

1. layunin
2. sirkumstansiya
3. sirkumstansiya
4. paraan
5. layunin

Pamantayan sa pagbibigay ng puntos sa Gawain 1, 2 at 3

3 napakahusay	2 mahusay	1 husay
Ang sagot sa kabuuan ay naipapaliwanag nang lubos at kayang gawin ninuman, lubos na nagpapakita ng malayang desisyon/kilos at may kaakibat na responsibilidad	Ang sagot sa kabuuan ay naipapaliwanag nang kaaya-aya, kayang gawin ninuman, lubos na nagpapakita ng malayang desisyon/kilos at may kaakibat na responsibilidad	Ang sagot sa kabuuan ay hindi naipapaliwanag nang mahusay, kaaya-aya, kayang gawin ninuman, lubos na nagpapakita ng malayang desisyon/kilos at may kaakibat na responsibilidad

Susi sa Pagwawasto



Sanggunian

Aklat

Mary Jean B. Brizuela, et.al., (2015). Edukasyon sa Pagpapakatao, Pasig City: FEP Printing Corporation, 117 - 121

Maria Lolita Ramos, (2014). Modyul 4: Layunin. Retrived at <https://www.youtube.com/watch?v=1nibDNR5HT>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph